Prologue

Nagmamadali ang mga lakad ni Frances habang palabas ng airport. Tatlong taon na mula nang umalis siya patungong Africa at ngayon ay nasa Pilipinas siya para bisitahin ang kanyang lolo. Ayaw na sana niyang umuwi, subalit hindi niya mapahindian ang kahilingan ng matanda. Her grandfather wanted her beside him when the time came.

Nakaramdam siya ng guilt. Sa loob ng panahong namalagi siya sa ibang bansa ay maraming tao ang napagaling niya at natulungang maiayos ang buhay. Yet she failed to do that for the only person who loved her more than anything in this world.

Pinigil niya ang luhang nagbabadyang tumulo. She needed to be strong. Hindi ito ang tamang panahon para panghinaan siya ng loob.

Luminga-linga siya sa paligid para hanapin ang best friend niyang si Portia. Tanging ito lamang ang nakakaalam na uuwi siya ngayon. Hindi pa siya handang harapin ang lahat. She needed all the time and information she could get. Hindi siya mapakali. Sigurado siya na pumayag si Portia na sunduin siya. Pero bakit wala pa ito?

"You're still as beautiful as the last time I saw you," anang baritonong tinig mula sa kanyang likuran.

Marahas siyang napalingon at laking gulat niya nang makita ang asawa. Yes, her husband, her cheating husband. Biglang nablangko ang utak niya. Madalas ay ini-imagine niya ang kanyang sasabihin at gagawin kapag nagkita silang muli. How she would hurl at him all the hateful words she could think of. Pero sa mga sandaling iyon ay tila naumid ang dila niya.

Sigurado siyang galit na galit ito sa kanya, but his coolness amazed her. Marahil mas pabor pa nga rito ang kanyang ginawang paglayo. She willed herself to stay composed. Hindi nito dapat makita na hanggang ngayon ay apektado pa rin siya rito.

"Kung hinihintay mo si Portia, she is not coming. I'll be the one taking you home," walang anumang anunsyo nito.

Nairita siya sa sinabi nito. Day one and he was already controlling her again. Ano ba ang akala nito sa kanya? Walang sariling desisyon?

"No, I'm not going anywhere with you. I'm taking a cab." Tinalikuran niya ito upang mag-abang ng taxi.

Ang totoo ay hindi pa niya alam kung saan

siya pupunta. Kahit saan basta makalayo muna pansamantala rito. Nag-aalala siya na hindi niya matantya ang sarili. Baka kung ano pa ang magawa niya.

Parang time bomb na sumabog lahat ang emosyon na itinago niya sa loob ng mahabang panahon. And she was overwhelmed by those feelings. Frances wanted to embrace him, feel his strong arms around her, but at the same time, she wanted to slap him for all the pain that he had caused her.

"Don Carlos is expecting us, Frances." She stiffened upon hearing her grandfather's name. "Alam niya na susunduin kita. Kailangan din nating mag-usap. So stop acting like a child." His tone was so cold.

She felt the air around them freeze. Ganitong-ganito ang epekto ni Jace sa kanya kapag nagagalit ito.

"Wala na tayong dapat pang pag-usapan. We're through, 'you hear? So just leave me alone. You don't need to act as if you really care about me or my lolo." God help this arrogant, overbearing man when she loses her precious temper. Frances could feel it slipping away swiftly because of him.

"Matigas pa rin ang ulo mo hanggang ngayon.

Too bad, Honey, dahil para sa akin ay nag-uumpisa pa lang ang lahat. So, sa ayaw at sa gusto mo ay sasama ka sa akin, and we will talk." Sarcastic ang tono nito, but she could sense that he was dead serious.

Mabilis nitong hinawakan ang magkabilang braso niya and forced her to look at him. She could not stand his nearness. Nagha-hyperventilate siya. She was already twenty-seven, pero pagdating sa lalaking ito ay daig pa niya ang isang teenager kung kumilos. Nakita niyang lumambot ang paraan ng pagkakatitig nito sa kanya, and it was too much. Hindi dapat ito binibigyan ng lisensya na tumingin ng ganoon sa isang babae. He could do wonders to her system just by gazing at her like that.

"It's been three years, my dear wife. Ang tagal nating di nagkita 'tapos aawayin mo lang ako? The first thing you should have done is—"

"What?" asik niya.

"This…"

And before she could even move, his lips went down to capture hers in a fiery kiss. A sense of longing leaped through her senses. It was as if the gates of heaven opened when their lips touched. She could not begin to describe how she was feeling. She could

only think about the sensation that he was stirring up inside her. Just like before…

He let her go all of a sudden and she needed to hold on to him because her knees became wobbly. She looked at him, desire was in his gaze, a sensual smile on his lips.

"Welcome back, Wife," he said in his deep baritone.

A shiver ran up her spine. She almost jumped in surprise. She felt hot and cold at the same time and she swore under her breath for blushing like a silly girl.

Nasaan na ang matalinong babaeng hinahangaan ng lahat? Her composure and poise had never left her before. Why did she always have to be so stupid around this man?

Stupid and very much… alive.

"Cat got your tongue, my dear?" He seemed so pleased with himself.

Inirapan niya ito, pero sa halip na mainis ay nginitian lang siya ng asawa. The same smile that could make her heart skip a beat. It never failed to brighten up her day… before.

"Let's go," he said.

Bago pa siya nakahuma ay hinila na nito ang kamay niya. Parang may dumaloy na kuryente sa kanyang katawan nang hawakan nito ang palad niya. She had always felt secure when he was around. Just as she had always been totally aware of him.

Kapag hawak nito ang kamay niya noon, pakiramdam ni Frances ay safe siya. Maybe because his hands were big and strong.

Hawak nito ang kamay niya hanggang sa parking lot. Ipinagbukas siya nito ng kotse at inalalayan sa pagpasok. Ni hindi na niya naalala ang mga gamit dahil sa sobrang tension. Nakita na lamang niya nang ipasok nito ang mga iyon sa backseat. Pagkatapos ay pumasok na rin ito sa sasakyan. Halos hindi siya humihinga nang dumukwang ito para ikabit ang seatbelt niya. Hindi sinasadyang nasagi nito ang dibdib niya and her body reacted fiercely because of that mere contact.

Tumingin ito sa kanya at ngumisi.

He deliberately did that, she thought irritably. She ignored him and looked away.

Pinaandar na nito ang makina.

Jace could not believe the powerful force that gripped his guts when he saw Frances. As always, he was mesmerized by her beauty. She had that effect on him, and he felt so helpless.

He wanted to confront her and release all the anger that had eaten him alive for the past years, but at the same time, he wanted to kiss her until they were both out of breath. He chose the latter and when he did kiss her, it was heaven, especially when she abandoned herself in his kisses. It was the same as before. The attraction between them could set the whole city on fire and he was consumed by it.

He took a glimpse of her. Tahimik lamang ito na nakatingin sa labas ng bintana. So much has changed. She was so full of life when he first met her, kahit pa minsan ay hindi talaga sila magkasundo nito. Ngayon ay iba na ito—parang napakalayo.

He could not feel the warmth that had always enveloped him whenever they were together. All he could feel around them now was dullness, save for that moment when that earth-shattering kiss happened.

Where was the girl who used to greet him with

a smile? Where was the woman who had willingly responded to his touch, his kisses? The woman beside him was a stranger. She might possessed Frances's beautiful face and alluring body, but she was definitely not the same person. Napabuntong-hininga si Jace at hindi maiwasan na magbalik sa nakaraan.

1

Three years ago...

"Ano ang ibig ninyong sabihin?" hindi makapaniwalang tanong ni Jace kay Don Carlos Mendez.

Nasa loob sila ng study ng don at nag-uusap tungkol sa negosyo. Iniipit ng matanda ang negosyong naiwan sa kanya ng ama. May mga kondisyones ito para hindi tuluyang ilitin ang kompanya na sa mahabang panahon ay legacy ng kanilang pamilya.

"Simple lang ang gusto ko, Hijo. My granddaughter has no interest in our business. Mas gusto niyang mag-focus sa medisina imbis na tulungan ako. Kaya ang gagawin mo ay tulungan siyang pag-aralan na hawakan ang negosyo," nakangiting paliwanag nito.

Alam ni Jace na kailangan niyang mag-ingat. Kilala ang don sa paggiging tuso.

"Kung wala siyang interes ay baka hindi siya matuto. Paano ko maga-guarantee na makikipag-cooperate siya sa akin?" Naupo siya sa sofa and rested his elbow on the side.

Tinimbang niya ang sitwasyon. Isang madaling trabaho kung tutuusin. Hindi na niya problema kung hindi matuto ang dalaga. At iyon ang ipinagtataka niya. Masyadong madali ang kondisyon kapalit ng tatlong taong palugit na hiningi niya kay Don Carlos.

"Huwag kang mag-alala kay Frances, Hijo, matalino siya. Sa katunayan ay tatlong beses siyang na-accelerate and she has always graduated with honors. Did I mention she's a doctor by profession? She even made it to the top five sa board. Wala nang ginawa ang batang iyon kundi ang mag-aral. Kayang-kaya niyang matutuhan ang pamamalakad ng kompanya sa loob ng madaling panahon.

"Ang pag-isipan mo ay kung paano mo siya mapipilit na pumasok sa opisina." Pinagmamasdan siya ng don. The old man's eyes were telling Jace that he would be a fool not to accept the deal.

Something was fishy. Hindi siya tumanggi, gayunma'y hindi rin tahasang pumayag. "Bakit ako? Alam n'yo ang reputasyon ko sa mga babae. Hindi ba kayo nag-aalala na paibigin ko ang apo n'yo para lang maging kahati niya ako sa mamanahin sa inyo?" pananakot niya.

Subalit tumawa lamang ang don.

"Of course, I know you, Hijo. You are known as a ladies' man. Mga socialites at kilalang aktres ang nauugnay sa iyo. Lalo kang sumikat nang mangyari ang trahedya sa inyong pamilya. Who am I to judge you, huh?

"May pangalan ka, guwapo, maabilidad. Marami ang may gusto na madikit sa apelyido mo, mabingwit ang nag-iisang tagapagmana. Too bad, hindi ka na ganoon kayaman. I don't blame you kung totoong nagkarelasyon ka man sa mga babaeng iyon. After all, you're very much a man.

"Thing is, you have to accept my condition now or mawawala ang lahat sa iyo. And about Frances, I'm not in the least bit worried. Boys are the least of her priorities. Kaya malayong maakit siya sa iyo. Hindi rin naman ako tututol kung mangyayari iyon at magpapakasal kayo. Mas maganda iyon para sa akin in the long run." Umikot ang don at may kinuha mula sa isa sa mga bookshelves nito.

Alam niya na binibigyan lamang siya nito ng pagkakataon na pag-isipan ang lahat. Nag-igtingan ang mga bagang niya sa narinig. Totoo ang mga sinabi nito, noon ay nasa itaas sila—tinitingala, inaasam ng lahat na maging kaibigan. Pero ngayon, lahat yata ng mga kaibigan nila ay naglahong parang bula.

Kung sana ay hindi namatay ang kanyang ama, kung sana ay hindi ito nakapag-invest sa maling kamay. Kung ang sarili lamang niya ang iniintindi ay walang kaso. He was a self-made man. Bukod sa negosyo ng pamilya ay nakapagpundar na siya ng sariling business. It had something to do with computers, at masasabi niyang unti-unti na rin itong nakikilala.

Minsan ay sinisisi niya ang sarili. Kung inintindi rin lamang sana niya ang kanilang negosyo sa halip na maging makasarili sa pagnanais na tumayo sa sariling mga paa, hindi siguro magkakaganito. Ngayon, para sa alaala ng kanyang ama, responsibilidad niyang ibangon itong muli.

Tatlong taong palugit, bukod pa sa perang ipapahiram ng don—kapalit ng pagsubaybay sa apo nito sa negosyo. Isang offer na mahirap tanggihan at baliw siya kung palalampasin niya ang isang magandang oportunidad.

Sandaling na-interrupt ang pag-uusap nila nang may kumatok sa study. Sinabi ng katulong na pumasok na may tawag sa telepono galing sa apo ng don. Dinampot ng matanda ang phone sa mesa nito pagkatalikod ng maid.

“Hello, Hija, kumusta ka na?” masayang bati nito.

Mayamaya ay kumunot na ang mga kilay nito. “What? Hindi ako papayag, Frances, umuwi ka sa Pilipinas ngayon din.” Dumadagundong ang malakas na tinig nito sa galit. Halatang may di-pagkakaunawaan ang mag-lolo. Muling nagsalita ang matanda.

“Sumunod ka sa gusto ko or I’ll take the necessary actions. Huwag mo akong subukan,” banta nito.

Matapos ang ilang sandali ay ibinaba na nito ang telepono. Hinarap siya nito. Tila tumanda ito nang ilang taon sa paraan ng pagkakaupo nito sa leather couch. Mukhang malaki ang problema nito sa apo.

“You have to change her mind, Hijo. Kailangan ay magkainteres siya sa kompanya at nang hindi matuloy ang balak niyang pagpunta sa Africa. Doon niya gustong manggamot.” Muli itong nagsalita nang manatili siyang tahimik. “If making her fall in love with you is the solution, so be it. I just want her to stay with me,” nanlulumong sabi ng matanda.

Bahagyang nauunawaan niya ang galit nito. Granted, may pangarap si Frances. Pero ang pumunta pa sa Africa samantalang nag-iisa na sa buhay ang lolo nito? Isang bansang halos kasing-hirap ng Pilipinas, magulo rin ang politika at bagsak ang ekonomiya. Bakit lumayo pa ito?

He admired Frances for her guts, yes, pero isang kahibangan ang iwan ang karangyaan na kinasanayan nito para lamang sa isang pangarap, sa opinion niya. Kunsabagay, karamihan naman sa mga nagtutungo sa ganoong depressed na lugar ay iyong mga privileged sa buhay. Pero naiintindihan din niya na nag-aalala lamang ang don sa kapakanan at kaligtasan ng apo nito kaya ito nagagalit.

Jace was not a self-centered ass, naniniwala lang siya na mas may maitutulong si Frances sa ibang kaparaanan, lalo pa't mayaman ito. Na-curious tuloy siya sa babae. She liked books better than guys. Stubborn, too—ayaw sumunod sa lolo nito.

Nabanggit ng don na nag-aral ang apo sa America. Imposibleng hindi ito nagkainteres man lang sa lalaki kahit minsan. Liberated na bansa ang America at sa tulad ni Frances na mag-isang namumuhay roon, imposibleng wala man lang nagkainteres dito. Puwera na lang kung pangit ito.

Baka walang pumapansin, naisip tuloy niya.

"Ano, Hijo, payag ka na ba? My lawyers can draw up the contract at ipadadala ko na lamang sa opisina mo," anang don. Nasa mga mata nito ang pag-asam na pumayag siya.

Naisip niya ang kanyang mama na hanggang ngayon ay nasa ospital pa rin. At ang malaking utang ng kompanya. Did he have a choice?

"Okay, ipadala na lang ninyo ang kontrata sa opisina ko. Kapag ayos na ang lahat, we can set a meeting to sign the copies." Tumayo na siya at nakipagkamay rito.

Kung ito na lang talaga ang paraan, he would simply make the most of it. Nakita niyang nagliwanag ang mukha ng don.

"You won't regret it, Hijo. Ako ang bahala sa problema mo sa kompanya ninyo." Sinamahan siya nito palabas ng study.

Hindi nga ba ako magsisisi? naisip niya habang palabas ng silid.

Maagang nagising si Jace. Ngayon niya makikilala ang apo ni Don Carlos Mendez. Isang linggo na ang nakaraan mula nang magkapirmahan sila ng kontrata. Nakapag-umpisa na rin siya sa pagsasaayos sa family business nila.

Sa wakas ay nakita niyang pumarada ang kotse ng don sa harapan ng mansyon ng mga Mendez.

Kanina pa siya naghihintay sa pagdating ng mga ito at naiinip na siya. Bumaba ang driver at binuksan ang pintuan ng backseat. Unang lumabas ang matandang don.

Lumapit si Jace para alalayan ito, subalit natigilan siya. His eyes caught a pair of good looking legs. They were long and shapely. He could hardly take his eyes off them, but he forced himself to look up. And then he saw her.

Her long, black curls framed her perfect oval face. Her big, brown eyes greeted him, and that was when his eyes dropped on her lips. They were bubblegum pink, full and inviting, as if begging him to kiss her.

Napalunok siya.

Ito ang apo ni Don Carlos?

Ito ang babaeng dapat niyang sanayin sa pamamahala ng negosyo sa loob ng dalawang buwan? Jace never thought her to be this beautiful. He was expecting a Plain Jane, not an angel!

"Kanina ka pa ba, Hijo? Sobrang traffic kaya ngayon lang kami nakarating." Don Carlos's raspy voice broke the spell.

Napalingon dito ang binata. There was a knowing

look in the old man's eyes. Nilapitan nito ang apo at iniharap sa kanya.

"Frances, Hija, this is Jace Bermudez. Jace, I want you to meet my granddaughter Frances. Hija, Jace will be your trainer in the business. If you encounter any problem, you can rely on him."

Iniabot n Frances ang kamay sa kanya. Ginagap niya iyon at pinisil. Hindi niya kaagad pinakawalan ang kamay ng dalaga. Napatingin ito sa kanya at nginitian niya ito. Binawi nito ang kamay at nagpatiuna na sa pagpasok sa loob ng bahay.

"Maganda ang apo ko, hindi ba?" tanong ng matanda. Don Carlos could see the sparkle in the young man's eyes. "A very beautiful heiress," dagdag pa nito.

"Paano ninyo siya napilit?" tanong ni Jace. Hindi pa rin nabubura ang pakiramdam ng kamay ng dalaga sa kamay niya. Her hands were not soft, parang sanay ang mga iyon sa trabaho.

"Hindi ko rin alam. Tumawag siya at sinabing payag na raw siya sa gusto ko. But I must warn you, don't fall for that face. Pakiramdam ko'y may binabalak siya." Pumasok na sila sa loob ng kabahayan.

Tumuloy sila sa comedor.

"I'm going to the U.S., Apo, kaya pinauwi kita. You have to look after the business while I'm gone," walang anumang deklara ni Don Carlos habang kumakain sila.

Napatigil sa pagsubo ang dalaga at tumingin sa lolo nito.

"You didn't tell me about this. Bakit kayo pupunta roon? Sana hindi na lang ako umuwi," kunot-noong reklamo nito.

Nahuli niya itong tumingin sa kanya, tila inaalam kung may alam siya sa balak ng matanda.

"I earn a nice vacation, Hija, don't you agree? Kaya ikaw muna ang bahala dito. At isa pa pala, huwag mo nang alisin ang mga damit mo sa maleta. Kina Jace ka muna titira."

Napatayo ang dalaga. "Bakit ako titira sa kanila? I have a house, and he is a stranger," mariing pagtutol nito.

"Tama siya, Don Carlos. Wala sa usapan ito. Ang sabi mo ay tutulungan ko lang siya na pag-aralan ang pagpapatakbo ng kompanya mo," tiim-bagang na sabi niya. Nais yata talaga nitong mapasubo siya.

"Hindi ko ba nabanggit? 'Must be old age,

nagiging makakalimutin na ako," patay-malisyang sabi ng don.

Jace saw the girl roll her eyes heavenwards, and he thought that she looked cute and childish. She looked younger than her age. Ang alam niya ay twenty-four na ito. Without her white coat on, he could not imagine her as a doctor. Para itong marikit na manika.

"Anyway, that won't be necessary, Lo. I'm giving you my word na makikipag-cooperate ako." Kalmante itong muling naupo at nagpatuloy sa pagkain, ni hindi man lamang siya tinapunan ng tingin.

He wondered what she thought of him. Kagaya rin kaya ito ng ibang babae na agad na na-a-attract sa kanya? He could not explain the strong desire to know the answer to that question.

"Kung ayaw mong tumira sa kanila, then Jace can stay over here," narinig niyang sabi ni Don Carlos.

Kung siya ang nasa kalagayan ng matanda ay hindi lang niya pauuwiin ang apo, pababantayan pa niya ito at ikakadena. Why, that face could start a war.

"I don't think that's a good idea. Mas magandang sa bahay na lang siya, at least doon ay kasama niya ang Mama at ang nakababatang kapatid kong babae."

Kailan lang ay na-discharge na ang ina sa ospital.

Jace could not believe his luck. He would be living with this angel everyday for two months. Masisiraan yata siya ng bait.

She was looking at him now, at sa pagkamangha niya ay nangislap ang mga mata nito. It was as if the whole room suddenly brightened up.

"On second thought…" Ibinitin ng dalaga ang sasabihin.

Ramdam na ramdam ni Jace ang anticipation na lumukob sa kanya. Maging ang lolo nito ay halatang expectant sa pasya ng apo.

"Payag na akong tumira sa bahay mo. Basta hindi ako makakasagabal sa iyo." Matamis pa sa asukal ang pagkakangiti ng babae.

But Jace saw through it. Tama ang lolo nito. The angel was up to something.

"Well that's great, Hija. Pero bakit nagbago ang isip mo?" Napansin din marahil ng matanda ang nakita niya kaya ito nagtanong.

Pero tulad ng inaasahan niya ay hindi nito sinabi ang tunay na dahilan.

"No special reason, Lolo. I just decided that in order to learn about the company, maybe I should also get to know my mentor here." She smiled at him.

Jace frowned instead of smiling back. He had to treat her like he would any business transaction if he didn't want to end up in a mental hospital.

Alam niyang may niluluto ito at hinding-hindi siya nito makukuha sa ngiti. But if she was going give to him something else… well, that's another story.

Napangiti siya sa naisip, and felt his body reacting to the thought. Ah, the situation might not be in his favor, but he promised himself that it would soon be.

"I know I can count on you, Hija. Salamat naman at makakapagbakasyon na ako." Palihim na sinipat ng don ang dalawang kasalo sa hapag.

Naihatid na nila ang lolo ni Frances sa airport. Anuman ang dahilan ng matanda at tila inihabilin na nito ang apo sa kanya ay hindi na niya siguro malalaman. Ang trabaho niya ay turuan ang anghel na kasama sa pamamalakad ng negosyo ng mga ito.

"This will be your room," ani Jace sa dalaga. Napangiti siya sa expression nito nang makita ang

silid kung saan ito mamamalagi sa loob ng dalawang buwan.

The room was beautiful all right, but it was not the loveliest room in the house. Higit na maganda ang silid ng mga magulang niya. Ang nakakapamukod-tangi sa magiging kuwarto nito ay ang balcony. Italian ang napagdesisyunang theme ng bahay nang huling ipa-renovate iyon, at naisipan ng kanyang mama na palagyan ito ng balkonahe katulad ng sa kuwarto ni Juliet of Capulet.

Ginawang guestroom ang silid na iyon, dahil hindi ito masyadong type ng kapatid niyang si Aira. Masyado raw iyong maliit para rito. Bukod sa balkonahe, naroon din ang puting-puting canopy bed sa gitna ng silid. Naisip niya na bagay na bagay iyon kay Frances, isama pa ang canary yellow na wallpaper at ang magandang view sa garden.

May hinuha siyang magugustuhan ng dalaga ang kuwarto lalo pa't napag-alaman niyang condo unit ang tinutuluyan nito sa America.

"It's perfect, Jace!"

Sa ngiti pa lamang nito ay solve na siya. Her smile reminded him of sunshine.

"I'm glad you liked it. Anyway, iiwan na kita para

makapagpahinga ka na." Gabi na rin at nakakain na sila pagkagaling sa airport. Sinamahan siya ng dalaga hanggang sa pintuan ng guestroom. "If you need anything, katukin mo lang ako. That's my room." Itinuro niya ang silid na katapat ng silid nito.

Tumango ang dalaga at bago pa siya nakahuma ay binigyan siya nito ng halik sa pisngi. Nagulat siya sa ginawa nito.

"Good night, Jace," bulong pa nito, a faint blush on her cheeks.

He was too stunned to speak. Isang halik sa pisngi at tameme na siya. Hell, paano pa kaya kung sa ibang bahagi dumapo iyon?

"Good night," aniya at tinalikuran na ito.

Kailangan niyang makalayo sa dalaga. First day and she was already getting into his nerves. How could he have let that happen? Sisiguraduhin niyang hindi na iyon mauulit. Huminga siya nang malalim at pumasok sa kanyang silid. Ang mala-anghel pa rin nitong mukha ang nakikita niya hanggang sa kanyang panaginip.

2

It was early morning and Jace was expecting Frances to still be upstairs, relishing her precious sleep. He was caught off guard when he saw her with his mother in the breakfast hall, as if she had been doing it for years. And amazingly, his mother was unreservedly laughing and talking with the angel. He cleared his throat and both women turned to look at him.

Lumapit siya sa dalawa. The smile on the angel's eyes made him catch his breath. He was thinking about her all night, wondering what she could possibly be planning inside that beautiful head of hers.

"Good morning, Jace," masayang bati nito, even blowing a kiss in his direction.

Nakita niya na lalong napangiti ang kanyang mama. Isang bagay na madalang nitong gawin simula nang mawala ang kanyang papa at magkandaleche-leche ang kanilang kompanya.

"Good morning," aniya sa dalawa. He gave his mother a kiss on the cheek. Umupo na siya at nagsimulang lagyan ng pagkain ang plato. "I'm glad hindi na kita kailangan pang gisingin. We need to

start your lessons today so you can come to the office next week," umpisa niya.

Napansin niyang nalukot ang mukha ni Frances subalit agad napalitan iyon ng isang ngiti. He had to find a way to be immune to her smiles.

"Don't worry, I'm an early riser. Sa katunayan nakapag-exercise na kami ni Tita Mattie." Magiliw itong tumingin sa mama niya.

Nakita niyang gumanti ng ngiti ang ina. Hindi alam ng kanyang pamilya kung bakit nasa bahay si Frances. Ang sinabi lang niya ay bisita niya ito at tutulong ang dalaga upang maibangon muli ang negosyo.

Pagkatapos nilang kumain ay nagpunta na sila sa study. Ipinaliwanag niya rito ang organizational structure ng kompanya. Gaya ng sinabi ni Don Carlos ay mabilis matuto si Frances. Hindi ito mahirap turuan, subalit kanina pa niya pinipigil ang sarili na mainis dito. Paano ay mula nang magsimula sila, hindi na nito tinantanan ang hawak na cp. Waring inip na inip ito habang nakikinig sa kanya.

"Gaano pa ba tayo katagal? I have to see some people today. Ibigay mo na lang sa akin ang mga kailangan kong pag-aralan. I'll study by myself."

Nang walang pasintabi na tumayo ito, humulagpos ang temper niya.

Brat! The angel was finally showing her true colors. Mukhang may plano itong gawing impyerno ang buhay niya. Pero hindi siya magpapatalo rito. Kung akala nito na madali siya nitong mapapaikot ay nagkakamali ito.

"I'll appreciate it if you'd remain seated, Miss Mendez," seryosong sabi niya na ikinatigil nito.

"You can't really force me to stay here," she said defiantly. From the look she was throwing his way, she didn't seem the type easily intimidated.

Nilapitan niya ito at inagaw ang cellphone nito. Pilit nitong binabawi iyon, subalit mas mabilis siya at inilagay niya iyon sa harap na bulsa ng slacks niya.

"Kunin mo kung kaya mo," nakangising hamon niya.

Tila sobrang nainis ito sa ginawa niya. Namumula na ang mukha nito at nakita niya ang pag-aalinlangan sa mga mata ng dalaga.

Then again, he had to admire her resilience. Dahil tiningnan lang siya nito nang derecho at walang kaabog-abog na isinuksok ang kamay sa bulsa niya.

Ni hindi man lang ito kumurap. She was looking at him in the eye, while he could feel her soft warm body pressing on to him. That sweet scent that was uniquely hers…

Lihim na napamura si Jace sa tinatakbo ng isip niya. Bago pa siya nakabawi ay nakuha na nito ang cellphone, a triumphant look on her lovely face.

"What are you trying to do? Embarrass me? Doktor ako, remember?" pang-aasar pa lalo nito. Pagkatapos ay iwinagayway nito ang telepono sa harap niya, blew him a kiss, and left the room.

Nanghihinang napaupo siya. Sakit sa ulo ang naiuwi niya sa bahay nila.

———————

Halos hatinggabi na pero wala pa ang magaling na babae. Hindi mapakali si Jace kaya hinihintay niya ito. Tulog na ang lahat ng kasambahay niya, samantalang siya ay palakad-lakad pa sa sala. First thing in the morning, he would confiscate her car keys.

No, he would do it the moment she entered the room!

Napabuntong-hininga siya at hinilot ang kanyang

sentido. Ikatlong araw pa lang ng pamamalagi ni Frances sa bahay niya at so far ay malapit nang masagad ang kanyang pasensya. Ni hindi nito sinasabi kung saan ito nagpupupunta. Alam niyang hindi ito galing sa gimikan dahil hindi ito amoy-alak kapag umuuwi. Mayroon itong dalang sangkatutak na papeles at hindi iyon tungkol sa kompanya. Curious siya kung ano ang pinagkakaabalahan nito.

Narinig niyang dumating ang kotse sa garahe. Agad siyang pumasok sa study and pretended that he was busy with something else. Nagbilang siya hanggang dalawampu bago siya tumayo at sumilip sa pintuan. Agad niya itong namataan. Mabilis siyang lumabas.

“Ginabi ka yata?” bungad niya.

Napalingon sa kanya ang dalaga na noon ay papanhik na sa hagdanan. Halatang nagulat ito na makita na gising pa siya.

“Gabi na, bakit gising ka pa?” balik-tanong nito.

“Do you have a second? I need to discuss something with you.”

“Can’t it wait? Pagod na kasi ako,” reklamo nito, subalit bumaba pa rin ito sa hagdanan at lumapit sa kanya.

Agad niya itong hinila papasok sa study.

"P'wede bang kapag umaalis ka ay magpaalam ka kung saan ka pupunta? Paano kung may mangyari sa iyo? Ni hindi ko alam kung saan ka hahanapin. Ang cp mo naman laging patay. May I remind you that you are under my care? I'll be the one responsible if something happens to you."

Natawa ito sa sinabi niya, at kumunot ang noo niya sa inis. Seryoso siya pagkatapos ay pinagtatawanan lang siya ng babaeng ito.

"Ano'ng nakakatawa?" He scowled at her, subalit ni hindi man lang ito tumigil. Nirerespeto at pinagkakatiwalaan siya ng lahat and this girl was treating him as if he was the biggest joke on earth. Nagtagis ang bagang niya.

"Will you stop laughing, I'm dead serious!" utos niya.

Pigil ang pagtawa na tiningnan siya nito.

"Ikaw, you're so funny. You sounded like my lolo kanina. It is you who needs to be reminded. I'm already twenty-four and I can go wherever I want. And to put your mind at ease, Mr. Bermudez, hindi ako gumigimik at hindi ko sinisira ang sarili ko. I'm organizing a fund-raising event to help some cancer

patients here in the Philippines.

"At yaman din lang na nasabi ko na, you might as well donate some cash, para naman fruitful ang pag-uusap natin." She beamed at him at aaminin niya na nawala ang inis niya.

Napailing siya.

"You should've told me, para hindi kami nag-aalala sa iyo," panenermon pa rin niya.

She smiled teasingly at him. Naisip tuloy ni Jace, ngumiti lang ito at siguradong marami ang magdo-donate sa project nito. Tiyak na pagkakaguluhan ito ng mga kalalakihan. The thought disturbed him. Ipinilig niya ang ulo para mapalis ang masamang naisip niya.

"Kunin mo na lang bukas ang donation ko," aniya.

Tumalikod na ang dalaga para lumabas ng study. Then she stopped all of a sudden and looked at him.

"Why do I have this feeling na hinintay mo talaga ako at ikaw lang ang nag-aalala sa akin?" biglang tanong nito.

Sasagot sana siya, pero nakalabas na ito ng silid. Umupo siya sa swivel chair. Thoughts of the beautiful

Frances and her parting words filled his mind.

———————

Ganoon ang takbo ng unang linggo ni Frances sa bahay ni Jace. Sa umaga ay nagpupulong sila sa kanyang study at sa hapon ay umaalis ang dalaga. Kung saanman ito pumupunta ay hindi na niya inaalam pa at baka lalong sumakit ang ulo niya.

Daig pa ng kanyang mama ang mayroong personal doctor kay Frances. Hindi nakakaligtaang i-monitor ng dalaga ang kalagayan ng ginang. Kitang-kita ni Jace ang improvement sa kalusugan ng ina.

Siya yata ang kailangang maka-recover sa presence ni Frances. Pero saka na niya gagawin iyon. Pag-alis nito.

Bukas ay papasok na siya sa sariling opisina at isasama niya roon si Frances bago sila magtuloy sa opisina nito. Nakakaubos ng lakas ang magpatakbo ng tatlong kompanya, idagdag pa ang alaga niya na ayaw makisama.

Napatingin siya sa dalaga na nakatitig sa mga papeles sa main table sa study.

“Good thing you don’t have a wife,” mayamaya ay bulalas ng anghel. Pinag-aaralan nila ang bagong

produkto na ilalabas ng *MNG Group of Companies* na pag-aari ng pamilya nito.

"Bakit mo nasabi?" tanong niya. Naglalakbay na naman ang utak nito. Kanina pa siya nagdi-discuss pero hindi yata ito nakikinig.

"You're so domineering, a typical male. Kawawa ang asawa mo kung nagkataon."

Iyon ang opinyon nito sa kanya? Sa loob ng isang linggo ay hindi man lang ito nagpakita ng interes na kilalanin siya.

"Mas kawawa ang mapapangasawa mo, masyado kang madada, a typical female," ganti niya. Biglang nagbago ang timpla ng hitsura nito.

She smiled sarcastically at him. "Ah, so gan'un pala ang iniisip mo tungkol sa akin. Don't worry, I don't intend to marry kaya safe sa akin ang mga kalahi mo." Tumawa pa ito nang nakakainsulto.

Jace was stunned to say the least. Bakit ayaw nitong mag-asawa? Sigurado siya na sa ganda at yaman nito ay marami itong pagpipilian.

"I know what you're thinking right now. Sigurado akong tinatanong mo ang sarili mo kung bakit at sigurado akong nanghihinayang ka."

Tumahimik siya. She was teasing him, surely?

"So what kung hindi ka mag-asawa? Wala na akong pakialam doon. Ang papel ko lang ay matutunan mong i-manage ang kompanya ninyo. After that p'wede na nating kalimutan na nagkakilala tayo."

Lumapit ito sa kanya. At muntik na siyang mapaatras. Sa totoo lang ay kinakabahan siya kapag naglalalapit ito sa kanya. She was flirting with him at para sa kanya ay hindi maganda iyon lalo pa't kapag gabi ay hindi nawawala ang magandang mukha nito sa kanyang isipan. And the worst part was that he kept remembering the feel of her hands inside his pocket.

"Akala mo hindi ko napapansin na lagi kang nakatingin sa akin? Tell me, ano ba'ng naiisip mo kapag tinitingnan ako?" She pouted her lips seductively and he was amazed how she could look like a vixen and an angel at the same time.

"Lasing ka ba? P'wede bang bumalik ka na sa upuan mo?" Tinalikuran niya nito at inayos ang mga dokumento na nakakalat sa mesa. Subalit hindi pa rin siya tinantanan nito.

"Aminin mo na kasi, attracted ka sa akin, 'no?"

bulong nito.

If she was trying to seduce him, then she was doing an excellent job of it. Pero bakit?

"You can kiss me if you want para hindi ka na ma-curious," she taunted him. At ayaw man niyang aminin ay apektado na talaga siya. "You'll be my first kiss if ever…"

Sa sinabi nito ay hinarap niya ang dalaga, pinagsalikop ang mga kamay niya sa mukha nito and kissed her. Tila hindi nito naisip na papatulan niya ang hamon nito dahil dagli itong nagpumiglas. But he held her tight and crushed her mouth, letting her know he would not let go of her that easily. Jace knew he should stop.

But she was responding to him so ardently, and all he could do was deepen the kiss. All that mattered to him that moment was her innocent lips touching his own. It was pure bliss. Then reluctantly, he let her go. Passion was written in her almond-shaped eyes at ipupusta niyang ganoon din ang nababasa nito sa mga mata niya.

"Now that you've had your first kiss, can we resume our lesson?" he asked coldly. Siguro naman ay hindi na nito uulitin ang ginawa nito kanina.

Hindi ito makapagsalita. “I…” Iyon lamang ang nasabi nito.

Bale-walang nililikom niya ang nagkalat na papeles nang matagpuan nito ang boses.

“That was wonderful, Jace! ’Know what? You can kiss me like that forever and I wouldn’t mind.”

Nilingon niya ito. A flirtatious look was on her face. Pagkatapos ay iniwan na siya nito sa loob ng silid. Alam ba nito ang sinasabi?

If I kiss her like that again and stop at kissing, I’ll definitely go mad. Mahigit isang buwan pa ang ilalagi ni Frances sa bahay niya. Tatagal kaya siya?